



Paglipat ng ari-arian kapag may isang taong namatay...

Kailangan ko bang pumunta sa Hukuman upang magmana ng ari-arian sa isang taong namatay?

Hindi lagi. Kung ikaw ay may legal na karapatan upang magmana ng sariling ari-arian, tulad ng pera sa bangko o sapi sa negosyo, at ang ari-arian ay nagkakahalaga ng \$100,000 o wala pa, maaaring hindi mo na kailangang pumunta sa hukuman.

May isang pinagaan na proseso na magagamit mo sa paglipat ng ari-arian sa iyong pangalan. Ngunit ang prosesong ito ay hindi para sa tunay na ari-arian na tulad ng bahay.

Paano ko malalaman kung ang ari-arian ay nagkakahalaga ng \$100,000 o wala pa?

Upang makalkula ang halaga ng ari-arian:

Isama ang:

- Lahat ng tunay at sariling ari-arian
- Lahat ng seguro sa buhay o mga benepisyo sa pagreretiro na ibabayad sa ari-arian

Huwag isama ang:

- Mga kotse
- Tunay na ari-arian sa labas ng California
- Ari-ariang nakahabilin kabilang ang nasa habilin habang nabubuhay
- Tunay o sariling ari-arian na pag-aari ng taong namatay pero may ibang kahati sa pag-aari (magkasamang pag-aari)
- Ari-arian (komunidad, anyong-komunidad o hiwalay) na deretsong isinalin sa buhay na asawa
- Seguro sa buhay, mga benepisyo sa pagkamatay o ibang kabuhayan na hindi sakop ng probate na deretsong pumupunta sa mga benepisyaryo

- Hindi nababayaranang suweldo o ibang kompensasyon na hanggang \$5,000 na pagkakautang sa taong namatay
- Mga pagkakautang o pagkakasangla ng taong namatay.

Para sa isang kumpletong listahan, tingnan ang Probate Code § 13050.

Maaari ko bang ibawas ang mga pagkakautang ng taong namatay upang makalkula ang halaga ng ari-arian.

Hindi. Ikaw ay hindi pinahihintulatang ibawas ang mga pagkakautang ng taong namatay.

Paano kung ang ari-arian ay nasa Probate?

Hindi mo magagamit ang prosesong ito, maliban kung ang Personal na Kinatawan ng ari-arian ay sumang-ayon sa sulat na gawin mo ito.

Maaari bang gamitin ng kahit sino ang pinagaan na prosesong ito?

Ikaw ay kuwalipikado kung may legal na karapatan na magmana ng ari-arian mula sa taong namatay. Ikay ay kailangang benepisyaryo sa Testamento o tagapagmana kung ang taong namatay ay walang Testamento. Ang ibang tao ay maaaring maging kuwalipikado rin, tulad ng tagapangalaga o conservator ng ari-arian. Para sa isang kumpletong listahan, tingnan ang Probate Code § 13051.



ACCESS

San Francisco Superior Court
400 McAllister Street
Room 208
San Francisco, CA
94102-4514

415.551.5880
www.sfgov.org/courts

Paano ko ililipat ang ari-arian sa pangalan ko?

Kung may karapatan kang magmana ng ari-arian, magbigay ng apidabit sa tao, kompanya o bangko na humahawak ngayon ng ari-arian.

Paano kung maraming kabuhayan na ililipat?

Maaari mong ilita ang lahat ng kabuhayan sa isang apidabit. O maaari kang gumawa ng apidabit sa bawat kabuhayan.

Paano ako isusulat ang apidabit?

Maraming bangko at ibang mga institusyon na may sariling apidabit. Kaya, alamin muna sa kanila at humingi nito. Kung wala sila nito, maaari mong gamitin ang halimbawang apidabit na kasama sa patnubay na ito.

Paano kung may ibang mga tao na karapat-dapat ding magmana ng ari-arian mula sa taong namatay?

Lahat kayo ay dapat pumirma sa apidabit. Ito ay nagpapakita na lahat kayo ay pumapayag na ang lahat ng ari-arian na nakalista sa iyong apidabit ay puwedeng ilipat sa iyo.

Dapat ko bang ipanotaryo ang apidabit?

Hindi. Ngunit maraming institusyon ang hihingi nito sa iyo. Kaya mabuting ipanotaryo ito.

Kailangan ko bang isama ang anumang ibang dokumento sa apidabit?

Oo. Isama ang:

- Isang pinatibayang kopya ng sertipiko ng kamatayan ng taong namatay
- Katunayan na ang taong namatay ang may-ari ng ari-arian (tulad ng libreta sa bangko, resibo sa pag-iimbak, sertipiko ng sapi)
- Katunayan ng iyong pagkakakilanlan (tulad ng lisensiya sa pagmamaneho o pasaporte)
- Isang imbentaryo at paghalaga sa lahat ng ari-arian na pag-aari ng yumao sa California

Gaano katagal akong maghihintay bago mailipat ang ari-arian?

Kailangan mong maghintay ng hindi kukulangin sa 40 araw pagkaraang mamatay ang tao.

Paano kung kailangan ko ng tulong?

Maaari kang makipag-usap sa isang abugado. Tawagan ang Lawyer Referral Service ng San Francisco Bar Association:
415-989-1616

O, pumunta sa ACCESS Center:
Civic Center Courthouse, Silid 208
400 McAllister Street, San Francisco
415-551-5880

O, basahin ang batas tungkol sa mga paglilipat ng ari-arian. Tingnan ang California Probate Code, §§ 13100-13115.

Halimbawa lamang
Mangyaring sagutan ang Ingles na porma.

Pagpapahayag Alinsunod sa California Probate Code §13100-13115

Ako, si _____ ay nagpapahayag ng mga sumusunod:

1. _____ (pangalan ng yumao), namatay noong _____ (petsa ng kamatayan) sa County ng San Francisco, California.
2. Hindi kukulangin sa 40 araw na ang nakalipas mula nang mamatay ang yumao, na ipinapakita sa kalakip na pinatibayang kopya ng sertipiko ng kamatayan ng yumao.
3. Walang ginagawa o nagawa nang pamamaraan sa California para sa pangangasiwa ng ari-arian ng yumao. Ang Personal na Kinatawan ng yumao ay pumayag sa sulat sa pagbabayad, paglipat o paghahatid ng ari-ariang inilarawan sa pagpapahayag na ito.
4. Ang kasalukuyang kabuuang halaga ng tunay at sariling ari-arian ng yumao sa California, na hindi kabilang ang mga ari-ariang inilarawan sa Probate Code § 13050, ay hindi hihigit sa \$100,000.
5. Ang imbentaryo at paghalaga ng tunay na ari-arian na kabilang sa ari-arian ng yumao ay kalakip; Walang tunay na ari-arian sa ari-arian.
6. Ang mga sumusunod na ari-arian ay ibabayad, ililipat, o ihahatid sa nakapirma sa ibaba alinsuod sa Probate Code § 13100: *[ilarawan ang ari-ariang ililipat]*

7. Ang (mga) kahalili ng yumao, na ipinaliwanag sa Probate Code § 13006, ay:

8. Ako ay:
 (mga) kahalili ng yumao sa interes ng yumao na inilarawan sa ari-arian pinapahintulutan sa ilalim ng Probate Code § 13051 na umakto sa ngalan ng (mga) kahalili ng yumao tungkol sa interes ng yumao na inilarawan sa ari-arian.
9. Walang ibang tao na may karapatan sa interes ng yumao na inilarawan sa ari-arian.
10. Hinihiling ko na ang ari-ariang inilarawan sa itaas ay ibayad, ihatid o ilipat sa nakapirma sa ibaba.

Ipinahahayag ko sa ilalim ng parusa sa pagsasabi ng hindi totoo sa ilalim ng batas ng California na ang nakasaad sa unahan ay totoo at tama.

Petsa _____ Ipirma ang Pangalan _____ Ilimbag ang Pangalan _____

[Kung may higit sa isang nagpapahayag na karapat-dapat makatanggap sa inilarawang ari-arian, ang lahat ay kailangang pumirma sa apidabit na ito. Kung ganito ang kaso, ang mga karagdagang nagpapahayag ay maaaring pumirma sa ibaba.]

Petsa _____ Ipirma ang Pangalan _____ Ilimbag ang Pangalan _____

Petsa _____ Ipirma ang Pangalan _____ Ilimbag ang Pangalan _____

Ang mga kaso ukol sa Probate ay gumagamit ng mga tanging salita. Narito ang ilan:

Administrator (Tagapangasiwa): ang tao (karaniwang ang asawa, kinakasama o malapit na kamag-anak) na itinalaga ng hukuman upang pamahalaan ang ari-arian ng isang taong namatay nang walang Testamento. Ang tagapangasiwa ay tinatawag ding personal na kinatawan ng ari-arian.

Beneficiary (Benepisyaryo): isang taong nagmamana kapag may Testamento.

Decedent (Yumao): ang taong namatay.

Decedent's Estate (Ari-arian ng Yumao): lahat ng tunay at sariling ari-arian na pag-aari ng isang tao nang siya ay mamatay.

Executor (Tagapagpatupad): ang taong tinukoy sa Testamento at hinirang ng hukuman upang tuparin at kagustuhan ng taong namatay. Ang tagapagpatupad ay tinatawag ding personal na kinatawan ng ari-arian.

Heir (Tagapagmana): ang taong nagmamana kapag kapag walang Testamento.

Holographic Will (Holograpikong Testamento): Isang Testamento na sulat-kamay, nilagyan ng petsa at pinirmahan ng taong sumulat ng Testamento.

Intestate (Di-nakahayag na Pagmamana): kapag namatay ang isang tao nang hindi nag-iwan ng Testamento.

Intestate succession (Hanay sa Pagmamana): ang hanay kung sino ang magmamana ng ari-arian kapag walang iniwang Testamento ang taong namatay.

Living Trust (Habilin Habang Nabubuhay): isang ipinagkatiwala na inihanda habang buhay pa ang isang tao na ibigay ang pera o ari-arian sa ibang tao o organisasyon.

Personal Property (Sariling Ari-arian): mga bagay na tulad ng pera, sapi, alahas, damit, muwebles, o kotse.

Personal Representative (Personal na Kinatawan): ang tagapangasiwa o tagapagpatupad na itinalaga ng hukuman upang pamahalaan ang ari-arian.

Probate (Probate): ang legal na proseso ng pangangasiwa ng Testamento sa hukuman. Ang proseso ng hukuman sa pamamahagi ng kabuhayan ng namatay na tao, pagbabayad ng mga utang ng namatay na tao at pag-aayos ng pananalapi ng mga tao kapag namatay sila.

Real Property (Tunay na Ari-arian): mga gusali at lupa.

Successor (Kahalilili): sinumang may legal na karapatang tumanggap ng ari-arian ng isang taong namatay, sa ilalim ng Testamento o sa Probate Code.

Testate (Nakahayag na Pagmamana): kapag ang namatay na tao ay nag-iwan ng Testamento.

Trust (Habilin): isang kaayusan kung saan ang ari-arian ay ibinibigay sa isang tao upang ingatan para sa kapakibangan ng ibang tao.

Will (Testamento): ang papel na pambatas na naglilista ng kagustuhan ng isang tao tungkol sa kung ano ang gagawin sa kanyang ari-arian kapag siya ay namatay.